

1



"Guess it's still early to call it a night," sambit ni Jeric habang pigil si Meralle sa braso.

Kakikilala lang nila nang gabing iyon sa bar. Nagkatinginan, nagkangitian, at nang magtungo siya sa ladies room, inabangan siya nito sa kanyang paglabas at nakipagkilala. Nang bumalik sila sa kani-kanilang mesa, sumang-ayon silang pagdidikitin ang mga iyon. Nagkakilanlan ang dalawang grupo. Associate software engineers ang mga ito, samantalang mga call center agents naman sila.

Jeric took a particular interest on her, no wonder, because she stood out from the group. Marami ang nagsasabing malaki ang resemblance niya sa isang sikat na local actress.

Bandang alas dos nang planuhin nilang maghiwa-hiwalay. Nakaalis na ang lahat ng kanilang mga kagrupo pero naroon pa rin silang dalawa.

"So what do you have in mind, boy?" tanong ni Meralle habang hinahaplos ang dibdib ng lalaki. He was 'pinning' her against the side of her car. Halos ay magkayakap na rin sila. Ramdam niya ang 'pagnanasa' nito na kanina pa nito idinidikit sa kanyang balakang.

“Something hot... and wild, I guess.” Lalong idiniin ni Jeric ang simbolo ng pagiging lalaki sa kanya.

Fitted ang suot nitong pantalon, katerno ng polo na bukas hanggang sa ikatlong butones. Siya naman ay naka-blouse at skirt na isang pitik lang marahil ay matatanggal nang lahat.

Ikinawit ni Meralle ang kamay sa balikat nito. “Why not?” she whispered, then gave him a smack on the lips.

He was one irresistible man—semi-kalbo ang buhok, maskulado ang pangangatawan, moreno, at guwapo. Very expressive rin ang mga mata ng lalaki na animo laging gustong mang-akit, matangos ang iling, at may kanipisan ang labing laging binabasa ng dila at parang nagsasabing, *‘come with me to bed.’*

“Great!” tawa nito. “So my place or yours?” Panay ang dampi nito ng labi sa kanya.

“Yours, of course!” sagot niyang sinadyang ibinaba ang kanang kamay sa puson nito.

He moaned a little before answering, “Follow me, babe!”

Malalim silang naghalikan bago nag-convoy patungo sa isa sa mga condominium buildings sa Quezon City.

Nangingiti pa ang dalaga habang nagmamaneho. *One hot night, coming up!*

Nang makaibis sa kani-kanilang mga sasakyan ay magkahawak-kamay pa silang lumulan ng elevator. Hindi nila pinansin ang malisyosong tingin ng security guard sa kanilang dalawa.

Magkasunuran silang naligo, nauna si Jeric. Lumabas itong brief lang ang suot. At napalunok si Meralle nang makita ang namumukol nitong pagkalalaki. Nang

salubungin niya ito habang papasok siya ng banyo ay inabot ng binata ang kanyang kamay at dinala sa ibabaw ng underwear nito.

“Save it, honey. Mapapalaban ka sa akin,” nang-aakit na sambit niya na bahagyang pinisil pa iyon.

Malutong na halakhak ang isinagot ng lalaki.

Like she had promised, she gave him an experience of his life right after taking her bath.



“You’re hot!” bulong ni Jeric habang panay ang halik sa kanyang punong tenga.

Nagsisimula nang lumiwanag ang paligid ay hindi pa rin sila natutulog. Makailang-ulit nilang ginawa ang ritwal ng pagpapakawala sa mga init ng kanilang katawan bago iyon tuluyang humupa.

“Ikaw din naman, darlin’...” aniyang nilandian ang tinig.

“Kailan natin ito gagawin uli?” tanong ng katabi sa tonong inaantok.

“When we see each other, again,” walang commitment na sabi ni Meralde, inaantok na rin.

“How about your number? Hindi mo ba ibibigay sa akin?”

Niyakap niya ang lalaki, ibinaba ang kamay sa matambok nitong puwitan. “No, no numbers...”

“Iba ka!” sabi nito at kinabig ang dalaga.

Nakatulog sila sa ganoong posisyon.



Bandang alas nueve na nang makauwi si Meralde sa bahay ng kanyang Ate Gelyn. Dalawa lamang silang magkapatid na nakatira roon. Magkasama man sila sa

iisang bahay ay halos hindi sila nagkikita dahil masyado itong dedicated sa trabaho. Tulog pa ang ate niya kapag dumarating siya sa madaling-araw at nakaalis na siya kapag umuwi ito sa gabi. So kailangan talaga nilang mag-exert ng effort kung gusto nilang magkausap, o kahit magkita man lang.

Naligo lang si Meralle bago natulog muli. Nangingiti siya habang naghihintay ng antok, naalala ang nangyari kanina. Pauwi na siya at bihis na bihis na ay hinila pa siya ni Jeric. Ginawa nila ‘iyon’ nang mabilisan nang nakatayo sa pinto ng unit ng binata. Pakiramdam tuloy niya ay sobrang ganda niya.

Ilang beses din itong bumulong ng ‘I love you’ sa kanya, pero siyempre alam niyang hindi iyon totoo at nadala lang si Jeric ng mga sensasyon na pinaranas niya.

Minsan napapagod na rin siya sa ginagawa niyang pakikipag-hook-up sa kung sinu-sinong lalaki na nakikilala niya sa mall, o di kaya ay sa mga bars na madalas nilang tambayang magkakaibigan. But she couldn’t deny that she was enjoying it.

Ganoon lang ang gusto niya—walang attachment, walang commitment. Fling lang. Pagkatapos nilang gawin ‘iyon’ ay maglilimutan na lang sila.

Proud to be a playgirl! nangingiti niyang sabi sa isip habang iginugupo ng antok.

Day-off ni Meralle, pero mamaya ay may pupuntahan siya kaya nga nag-alarm siya nang alas cinco ng hapon. May invitation siyang natanggap mula sa kanilang supervisor. Ipapakilala raw nito sa kanila ang boyfriend nitong nakatakdang pakasalan sa Cebu dalawang buwan mula

ngayon.

Bandang alas siete pa iyon pero pinili niyang magising nang maaga. Siya ang 'reyna ng mga late' sa kanila. For a change, gusto naman niyang maunang dumating.

Naligo lang si Meralle pagkagising kaya mag-a-alas seis pa lang ay nakaalis na siya ng bahay. Sa mall na niya naisipang solusyunan ang kumakalam na sa sikmura. Doon na siya manggagaling papunta sa bahay ng kanyang supervisor.

Habang kumakain ay napansin niyang panay ang tingin sa kanya ng isang lalaki na sa tingin niya ay teenager pa, base sa hitsura ng mga kasama nito. Mukha rin itong bata pa pero malaking bulas. Tisoy pa.

Nginitian niya ang estranghero, agad naman nitong tinugon iyon. Mayamaya pa, lumapit sa kanya ang lalaki, habang malakas ang kantiyaw ng mga kasama nito. Nginitian niya rin lang ang mga iyon.

"Jon-Jon name ko, ikaw?" tanong nito at agad na naupo sa tapat ng kanyang mesa.

She was taking her dessert then.

"Meralle," turan niya, saka natatawang nagkomento, "Ang ingay ng mga kabarkada mo."

Malapad ang ngiti ng kaharap. "Huwag mong intindihin ang mga 'yan, wala lang magawa."

"Ilang taon ka na, Jon?" naisip niyang itanong.

"Nineteen, student pa. Ikaw?"

"Twenty-three."

Napatango-tango ang binata. "Hindi naman masyadong malayo ang agwat ng edad natin. May lakad ka ba ngayon?"

"Bakit?" nakangiti niyang sagot, sounding like an expert seductress.

“Gusto sana kitang yayain somewhere, kung okay lang sa ’yo.” Titig na titig ito sa kanya habang sinusupil ang amusement sa mukha.

“Free lang ako nang isang oras, may imi-meet ako, eh.”

Nag-isip ito saglit. “Great! May alam akong lugar na malapit lang dito. Game ka ba?”

“Always,” mabilis niyang sagot.

Napag-usapan nilang hihintayin niya ito sa parking area. Nagpaalam pa ang lalaki sa mga kaibigan.

Ilang saglit lang ay nakasakay na ito sa kanyang kotse.

Sa loob pa lamang ng sasakyan ay agresibo na ang binatilyo, panay ang hipo sa kanyang katawan. Natatawa na lang siya.

“Later, lover boy, you’ll have the time of your life!”

“Hindi na ako makapagpigil, eh!” anito sa tila hinihinal na tinig.

Nagtungo sila sa isang motel at dalawang beses na pinagsaluhan ang mainit na sandali. Bago pa napansin ni Meralde, alas ocho na pala!

Napangiti na lamang ang dalaga habang nagbibihis. Masyado kasing agresibo ang *batang* ito at parang walang kapaguran. Nagustuhan naman niya iyon, lalo pa at talaga namang maganda ang mukha nito.

“Aalis ka na?” tanong ni Jon-Jon.

“Yeah. Late na nga ako, eh.”

“Can I have your number?”

Umiling siya. “I don’t give out my number, eh. Ulitin na lang natin ito kapag nagkita tayo uli. Siyempre kapag wala akong kasama.”

“Ang galing mo...” para pa ring nangangarap na sabi

nito; hindi inintindi ang huli niyang sinabi.

“Thank you. Sorry kung hindi na kita maisasabay pabalik sa mall. Nagmamadali na talaga ako, eh.”

Tango lang ang isinagot nito. Pabiro pa niyang inabot ang pundya nito bago siya lumabas nang tumatawa.

“Late again...” buska ni Meralle sa sarili habang nagmamaneho papunta na sa bahay ni Sophie.

Kung bakit ba naman kasi hindi siya makatanggi sa mga lalaki.

She’s not a whore, she was just having the time of her life. Kung nagagawa ng mga lalaking tumikim ng iba’t ibang babae, puwede niya ring gawin iyon.

Titikim rin siya ng iba’t ibang lalaki!

Malakas siyang natawa sa isiping iyon.



2



"Marami na ba akong na-miss?" tanong ni Meralle habang bumebeso kay Sophie.

"Hindi na kami umaasang makakarating ka nang maaga, what do you expect from Meralle Cerdeña? Well, anything maybe, except punctuality!"

Kung sensitive siya ay nasaktan na siya sa pang-aasar ng babae. Pero sanay na siya sa ganoong patutsada.

Isa pa, sayang ang ganda niya kung maiinis siya.

Lutang na lutang ang kanyang ganda sa suot na pink spaghetti-strapped blouse at white fitted pants na isinisigaw ang hugis ng bilugan niyang balakang. Walang mag-iisip na galing siya sa isang cheap na motel.

Tawanan lang naman ang naging sagot ng grupo na pawang mga kasamahan rin nila sa trabaho.

Inimbita sila ni Sophie para ianunsyo ang engagement sa boyfriend nito—ang mysteryosong lalaki na puro sa kwento nito naihugis ng kanyang mga kasamahan ang hitsura.

Isang field engineer ang kasintahan nito at madalas madestino kung saan-saang bahagi ng bansa. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na makikilala nila nang personal si Resty Ortega.

"So, where's he?" bulong ni Meralle sa kanyang supervisor

habang iniikot ang tingin sa may kalakihang apartment ng huli.

Natawa muna ito bago pakonyong sumagot, “Relax, he’s coming na. Hindi siya dito natulog kagabi because of a late meeting eh. But he’s on his way na. So if I were you, I’ll grab a bite first while we’re waiting for him.”

She chose to follow. Hinayaan na lamang niya si Sophie na sumali sa grupo ng mga kababaihan sa sala.

Hindi naman sila umabot sa twenty, nagkataon lang na karamihan ay babae kaya maingay ang buong kabahayan.

Kumuha lang siya ng serving ng fruit cocktail and mingled with the girls after.

“Yes, guys. The very reason why I want to introduce Resty to you personally is because he proposed to me already.” Itinaas pa nito ang daliring nasusuotan ng singsing na may malaking ruby sa tuktok.

Isang chorus na ‘oh’ naman ang nasambit ng grupo. Excluding Meralle. She just smiled.

“Unfortunately, hindi namin kayo maiimbitahan sa engagement party dahil sa Cebu iyon gagawin. Doon na rin ang official announcement ng wedding day namin.” Habang sinasabi iyon, tila nangingislap ang mga mata ni Sophie.

Nagliparan papunta sa gawi ng dalaga ang ‘congratulations,’ siyempre binati niya rin ang kaibigan.

Masaya siya para rito. Pero sa likod ng isip ay nagtatanong ang dalaga, *When will I have my luck in love?* na siya na rin naman ang sumagot. *Maybe, never!*

Parang kinurot ang puso ni Meralle sa isiping iyon, then she sighed.

At least, mas maganda pa rin ako sa kanya!

But she knew she was just fooling herself. Mas tamang sabihin na defense mechanism niya na lang iyon.

Awtomatikong napako sa gawi ng pintuan ang mata ng lahat nang tumunog ang doorbell. Nagmamadali namang tinungo iyon ni Sophie.

Iniluwa niyon ang isang lalaking nasa 5'11" yata ang taas. Matikas ito, malaki ang pangangatawan, may kaputian, maayos ang pagkakahati ng makapal na buhok.

But what was striking about the guy were his very expressive eyes. Parang sa babae ang mga iyon, bilugan na may kalakihan at animo laging nagtatanong. Perfectly chiseled ang ilong nito, at ang bibig ay makipot at may bahagyang kakapalan.

Guwapo!

Iyon ang agad na rumehistro sa utak ni Meralle base sa pagkakatingin sa bagong dating. Idagdag pang shapely ang butt nito, na isa sa weaknesses niya sa mga lalaki.

Pinalutang ang kaguwapuhan nito ng suot na faded na maong at maroon long-sleeves na nakabukas ang tatlong butones. Iyon ba ang latest na paraan ng pagkuha ng atensyon ng babae, magbukas ng tatlong butones sa polo?

Pero nakuha nga talaga nito ang atensyon ni Meralle.

Magkahawak-kamay ang mga ito nang humarap sa kanila. Ngiting-ngiti ang pareha.

“Guys, this is Resty. Boyfriend ko—”

Pinutol ng lalaki ang iba pang sasabihin ng katipan, ito na ang nagtuloy. “Soon-to-be husband that is...”

Ngiti ang naging tugon ng grupo. Hindi naman maalis-alis ang matatamis na tinginan ng magkatipan.

Ipinakilala sila isa-isa ni Sophie. Pagdating sa kanya ay

talagang tumayo siya at naglahad ng palad sa lalaki. “Meralle Cerdeña.” Sinadya niyang papungayin ang mga mata.

Tawanan ang grupo sa ginawa niya.

“Pagpasensyahan mo na iyan, pasaway lang talaga,” anang isang katrabaho.

Tawanan uli.

“Pasaway at makamandag,” dugtong niya saka humitit ng sigarilyo at nagbuga ng pabilog na usok.

Ngiti lang ang isinagot ni Resty. Binigyan lang siya nito ng inquisitive look bago naglambing sa katipan na nagugutom na ito.

Wala nang nakapansin sa magkakasunod na hitit-buga ni Meralle.

Naiinis siya. Hindi siya sanay nang hindi napapansin!

Nanghingi na lang tuloy ang dalaga ng tagay mula sa punch na kanina pa pinaikot sa kanila.



Nasa terrace si Meralle at nag-uubos ng sigarilyo nang lapitan ni Resty. May dala itong kopita ng alak. Tinanggap niya iyon nang iabot sa kanya.

“Magaling ka rin daw na graphic artist,” simula nito.

Bago sumagot ay hinagilap muna niya ng tingin si Sophie. Kakuwentuhan nito ang isang grupo ng kababaihan sa may kusina. Nahaharangan ang mga ito ng maliit na divider.

“Marunong lang. ‘Magaling’ is an overstatement,” turan niyang ngiting-ngiti. Iyong tipo ng ngiti na tila nagyayaya sa kama.

Sinalubong lang ni Resty ang kanyang mga mata. Again, his inquisitive look came her way. “So kapag ikaw ba ang gumawa ng wedding invitation namin, makakasiguro kaming

maganda iyon?”

“For a friend and a handsome guy,” itinirik niya muna ang mga mata bago itinuloy ang sasabihin, “I will do my best.”

Ngumiti ito nang maluwang. “Nice, I’ll call you then. And maybe you can earn from your talent. I can offer you a one-shot job where you can earn big.” Kumindat pa ito bago umalis. Naiwan sa kanya ang calling card ng binata.



“I think naka-jackpot ang lukaret!” bulalas ni Emmy.

Kasamahan niya rin ito sa trabaho at nakisabay na sa kanya sa pag-uwi. Kasalukuyan siyang nagmamaneho sa kahabaan ng EDSA. Maluwag na ang kalsada dahil ala-una na iyon ng madaling-araw. Ngayon lang sila naghiwa-hiwalay mula sa party ni Sophie.

Bumuntong-hininga muna si Meralle bago sumagot. “Yeah, napakasuwerte naman niya to have all those blessings,” she said bitterly.

Kapo-promote pa lang kasi ni Sophie as supervisor noong nakaraang linggo. Isang posisyon kung saan dalawa silang qualified, pero ito ang nakakuha. Ito ang mas pinaboran ng mga bossing dahil bagsak siya sa character.

Meralle was carefree, liberated, non-committal, at minsan ay tamad. Kahit magaling siya sa ginagawa nila dahil isa siya sa pinakamagaling mag-close ng sales, nasasapawan iyon ng kanyang pagiging irresponsable. Nagkaroon na nga ng pagkakataon noon na dalawang araw siyang hindi pumasok sa trabaho nang walang notice. Kung hindi nga lang isa siya sa pinakamagaling magbenta, baka matagal na siyang tinanggal sa trabaho.

“Who cares?” lagi na ay katwiran ng dalaga kapag may

nagpapaalala sa kanya ng mga palsong nagawa niya. Katwiran ni Meralle ay hindi naman niya bread and butter ang pagiging call center agent at mas masaya siya bilang freelance graphic artist sa malalaking magazine publications.

Buti na lang, hindi pa naman siya sinisipa sa trabaho.

Gayunpaman, kapag promotion na ang usapan, kahit qualified si Meralle ay hindi siya ang bet ng management. Kumbaga, lagi lang siyang isa sa mga candidates, pero hindi napo-promote.

“Biruin mo, a rewarding career plus guwapong boyfriend na may matatag na trabaho! Saan ka pa? Swerte talaga iyon!” Parang hangang-hanga ang katabi kay Sophie.

“Yeah, santa-santita kasi!” ismid niya.

Natahimik si Emmy, alam nito ang bitterness niya sa kanilang bagong supervisor. Isa ito sa iilang taong napagsasabihan niya ng kanyang mga hinaing. Isa sa tunay na nakakakilala sa kanya.

She wanted people to see her as someone strong—may malakas na personalidad, matibay, at hindi basta-basta nagpapadala sa emosyon. Kaya sa lahat, isang laging nakangiting Meralle ang kasama ng kanyang mga officemate. Ni hindi kasasalaminan ng kahit na anong lungkot o depression.

Saka kilala talaga siyang palaban sa kahit na anong bagay. Pati sa mga lalaki.

Napangisi si Meralle sa isiping iyon.

Sa aspetong iyon, talo niya si Sophie. Marami na siyang natikmang lalaki, ito ay tila nagtitiyaga sa isa.

“Malay mo, sa susunod, ikaw naman ang mapo-promote?” tila kambiyo ni Emmy.

Inirapan niya ito pero nakangisi naman. “I don’t care, basta masaya naman ako at kuntento sa buhay. Marami akong papa!”

Sabay silang nagkatawanan.

“At wala siya n’on!”

“Korek!” ani Meralle at nakipag-high five pa sa kasama.

Pero sa likod ng isip, gumawa siya ng mental note na tawagan si Resty bago siya matulog mamayang gabi.

She just wanted to play she-devil, again!



Katatapos lang nilang magniig ni Sophie. At kagaya ng mga gabing pinagsamahan nila, natapos iyon na pakiramdam ni Resty ay parang may kulang.

Hinahanap-hanap niya ang klase ng init na naibibigay sa kanya ng mga dati niyang katipan. Iyong tipo ng pagniniig na hahanap-hanapin niya, iyong tipong lumalagpas sa ikapitong langit.

Pero tipikal na babae si Sophie pagdating sa kama. Hindi nito masabayan ang hilig niya. She had always looked satisfied after they made love. Pero hindi si Resty.

He was longing for more. Marahil ay natural lang naman iyon sa mga lalaki.

He made a vow to teach Sophie the art of lovemaking once they get married. Siguro reserved pa lang ito ngayon dahil iilang buwan pa lamang nilang regular na ginagawa iyon. Maybe soon...

Maliban naman sa aspetong iyon ay masasabi niyang wife material talaga ang nobya. Career woman ito, malakas ang personalidad, at mapagmahal.

Bigla ay nagkrus sa kanyang isipan si Meralle. Sa lahat ng

katrabaho ni Sophie na nakilala niya nang nakaraang gabi, ito ang tumatak sa isip niya. Talaga namang katakam-takam ang babaeng iyon—ang mukha, ang katawan. The way she sway her hips was enough to send a man to orgasm.

Naramdaman niyang nanigas ang nasa pagitan ng kanyang mga hita dahil lang sa pag-iisip sa dalaga.

Napangiti siya. Ah, that woman!

Mukhang palaban ito. At iyong paraan ng pakikipag-usap nito sa kanya ay talagang nang-aakit.

Was she in for a little play? Napangisi si Resty sa isiping iyon. Why not? Basta wala lang commitment.

Pero may napansin pa siyang kakaiba sa babae. Her eyes were very expressive. Para itong naghahanap ng kakampi. She was a lost soul in disguise.

Napaigtad ang lalaki sa gulat nang basagin ang kanyang pag-iisip ng tunog ng kanyang cellphone. An unfamiliar number appeared on the screen.

Sinagot niya iyon sa labas ng silid. “Hello...” aniya sa inaantok na tinig.

“I just want to say goodnight,” anang tinig ng babae sa kabilang linya. Walang lalaking hindi tatayuan ng ugat sa pagitan ng mga hita sa seksing-seksi na boses na iyon.

“Meralle?” he guessed. Ewan ba niya kung bakit iyon ang biglang pumasok na pangalan sa kukote niya.

“I’m flattered, at least I made an impression on you.”

Nagpagulong siya ng mahinang tawa sa lalamunan.

“Napatawag ka,” sa kawalan ng masabi ay naisatinig ni Resty.

Humagikgik muna ito sa kabilang linya bago nagsalita, “Masyado bang malakas ang epekto ko sa iyo at pati ’yung kasasabi ko pa lang na rason ay nakalimutan mo na agad?”

What is this woman up to? naitanong niya sa sarili dahil na rin sa pagkataranta. Nawawala tuloy siya sa wisyo.

“Uhm, oo nga pala. Goodnight din.”

Hagikgik uli. “Can we discuss about the work tomorrow? Or are you thinking of getting another graphic artist?”

Her voice was really very sexy, napansin niya ulit. “Ah no, I want you to design our invitation. Pero wala pa kasi ’yung detalye.”

“Gan’on?” Pinalungkot nito ang tinig.

“Yeah...”

“Well, kapag okay na, just give me a ring.”

“Sure.”

“Okay, goodnight again...”

But she didn’t hang up. Ganoon din siya.

“I’ll see you tomorrow during lunchtime,” Resty said after a few minutes.

“Okay... and then?” Bumabangon ang sigla sa tinig ni Meralle. And goodness, she sounded even sexier with that tone.

Napalunok siya. “We’ll talk... and eat.”

“Pick me up, I’ll text you the details.”

“Okay.”

“Goodnight!” pangatlong beses na ulit nito bago tuluyang ibinaba ang telepono.

Resty knew he just made a step closer to a devil’s territory. But damn! He couldn’t help it.

He spent another couple of hours reflecting on things before sleep conquered him.



Nakangisi si Meralle nang ibaba ang telepono. Mukha

namang madaling i-seducer ang lalaking iyon.

Ano kaya'ng lasa niya?

Nagpakawala ng matinis na halakhak ang dalaga na pumuno sa maliit niyang silid. Mabuti na lamang at nasa biyahe ang kanyang ate na isang executive sa isang credit card company.

“I’m sorry, Sophie, babe, I’ll be meddling with your love life. Sandali lang naman,” sabi pa niya.

Nakatulugan na niya ang pag-iisip ng romantikong bagay sa pagitan nila ng binatang inhinyero.

Kinabukasan ay ginising siya ng kanyang Ate Gelyn bandang alas siete pa lang.

“Istorbo ka naman eh, inaantok pa’ng tao!” maktol niya.

Ngumiti lang ito. “Di matulog ka diyan uli. Ibibigay ko na lang sa mga officemate ko ang malong, durian jam, at dried mangoes na para sa ’yo.”

Sukat sa narinig ay namilog ang kanyang mga mata. Iyon ang mga pasalubong na ibinilin niya sa kapatid.

“Asaan na?”

“Nand’un kaya sa salas. Ambisyosa ka; gusto mo pang dalhin ko rito?” kunwa ay pagtataray nito.

Mabilis siyang tumalon mula sa kama at tumakbo palabas ng silid.

“Alas cinco ako dumating at hindi pa ako nag-aalmusal, in case na gusto mong tanungin,” natatawang habol ng kanyang ate.

Pero abala na siya sa paghahalungkat sa mga pasalubong nito.

Thirty minutes muna ang lumipas bago sila nagkaharap sa mesa para sa almusal.

“Saan ka na naman galing kagabi?” tanong ni Gelyn. Nasa thirty-five na ang edad nito. Dalaga pa rin, maganda at pang-beauty queen ang dating nito. Pero isinusubsob nito ang sarili sa trabaho at hindi pinagtutuunan ng pansin ang love life.

“May party ang officemate ko, ipinakilala ang boyfriend. Hanggang one kami doon ng umaga,” pagbibigay-alam niya sa pagitan ng pag-inom ng kape at pagkain ng dried mangoes.

“Ipinagpa-party na pala ngayon ang pagpapakilala lang ng boyfriend?” natatawang komento ni Gelyn.

Ipinaliwanag niya rito ang dahilan ng dalawa.

“Ah, okay. Marami siguro silang pera kaya naghahanap ng pagkakagastusan.”

“Mukha namang may pera ’yung lalaki.” She shrugged.

“O, ayan naunahan na naman tayo ng isa,” humahagikgik na pansin ng kapatid.

Nakitawa na rin siya. “Ako, at least, maraming natitikmang lalaki, ewan ko lang sa ’yo,” kantiyaw niya.

“Sira ka talaga!”

Tawanan. Bukas sa ate niya ang kanyang mga aktibidad. Madalas siya nitong paalalahanan pero kahit minsan ay hindi siya pinagbawalan—isang bagay na hinahanap-hanap niya mula sa taong nag-alaga sa kanya. Walang gumagawa niyon sa kanya matapos maghiwalay ang kanilang mga magulang nang magkabukingan na pareho palang may kalaguyo ang mga ito.

Hindi sila sumama sa alinman sa dalawa. That was six years ago at seventeen lang siya noon, pero ramdam pa rin ni Meralde ang kirot.

Ang sakit ng betrayal. All along pinaniwala siyang masaya ang pamilya nila. Kahit pala regular silang nagsisimba kapag linggo ay may kani-kaniyang lover na ang kanilang mga

magulang.

The experience made a major switch to her belief. Hindi na siya naniniwala sa isang relasyong may loyalty. Binura niyon ang kanyang ilusyon tungkol sa fairy tales na may ‘and they lived happily ever after,’ at sa mga love story na merong happy ending.

Ngayon, kung may magustuhan si Meralle na lalaki, siya na mismo ang nagyayaya sa kama. Kung may lalapit na lalaki at magsasabing gusto siyang makasama sa gabing iyon, ‘oo’ o ‘hindi’ lang ang sagot niya. Pagkatapos ng init, tapos na rin sila.

Simple. Ganoon kadali niya hinaharap ang buhay.

Masyadong dinibdib ng kanyang kapatid ang lahat ng nangyari. Ni hindi na ito nag-entertain ng manliligaw. Meralle was thinking her sister had withdrawn from the world.

“Matutulog lang ako ha. Kapag dumating si Manang, pakisabi na huwag na muna akong iistorbohin.” Ang tinutukoy nito ay ang kanilang house helper na uwian kapag hapon.

“Yep,” aniya.

After eating, she went back to bed. Lunch time pa naman ang usapan nila ni Resty kaya matutulog muna siya. Alas nueve pa naman ng gabi ang kanyang duty sa trabaho.

Masarap kaya siya?

That was what she had been thinking before she closed her eyes.